



LAUDATO SI' DAAN NG KRUS

(Cosmic Way of the Cross)

Filipino Version
Translated by the
Education Ministry and and the Care for the Earth Ministry
Our Lady of Remedies Parish
Malate Catholic Church

*Adapted from the Laudato Si Station of the Cross by Fr Charles Rue, SSC
of the Missionary Society of St. Columban*

PAMBUNGAD:

Noong 2015, sinulat ni Papa Francisco ang kanyang liham-ensiklikal na "Laudato Si': *On Care for Our Common Home*. Sinulat niya ito hindi lamang upang linawin ang mga Panlipunang Aral ng Simbahang Katoliko tungkol sa kapaligiran, kundi upang lalo pa itong isulong. Sa pagtingin niya sa katotohanan ng buhay, iniugnay niya ang paghihirap ng mga tao sa laylayan ng lipunan sa pagkasira ng mga sistemang sumusuporta sa buhay sa Mundo, ang magkakambal na pag-tangis ng mga mahihirap at ng Mundo mismo.

Inanyayahan ni Papa Francisco ang lahat ng mga mananampalataya at mga taong may mabuting kalooban: na **MASDAN AT DAMHIN** ang pagkasira ng mga sistemang sumusuporta sa buhay sa planetang Mundo na batayan ng buhay ng tao at lahat ng uri ng species na namamahay dito; na **SURIIN at HUMATOL** na ang tao at ang kanyang makasariling pamumuhay at ang diktaturya ng sakim na ekonomiya ang siyang dahilan ng pagtangis na nagmumula sa sakit ng Mundo at ng mahihirap; at, **KUMILOS. MAGDASAL at MAKINIG**- upang magbago ang kaisipan at pamamaraan ng pamumuhay, upang mahalín ang bawat bahagi ng mga nilikha na may simbuyo ng damdamin.

Ang Istasyon ng Krus ay isang tradisyonal na debosyon ng mga Katoliko – ang Daan ng Krus ng pagsama kay Hesus. Ipinapamalas dito ang pag-alay ng Diyos sa kanyang sarili dahil sa pagmamahal. Sa bawat istasyon, tayo ay hinihimok na sumama sa mental at pisikal na paghihirap ni Hesus patungo sa bundok ng Kalbaryo, at upang makilala si Hesus sa ating buhay sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng kanyang Krus at Muling Pagkabuhay, gumawa si Hesus ng Bagong Sangnilikha.

Bilang Kristo, ipinagpanibago ni Hesus ang puso at isip ng mga tao, at binigyan niya sila ng kapangyarihang makipag-kaisa sa bawat isa, makapag-patawad at mailagay sa tama ang mga bagay-bagay. Muling pinagkaisa ni Hesus ang sangkatauhan at ang natural na daigdig, at inihayag ang mundo bilang nag-iisang bahay na tahanan ng lahat ng tao at lahat ng uri ng nilalang. Magkakaisa ang tao sa

paghahanap sa presensya ng Diyos sa kosmos at sa Mundo bilang kaunahang rebelasyon ng spiritwal na daigdig, at magsasaya.

Ang Daan ng Krus na ito ay mag-aakay sa atin sa pagbabago. Ito ay isang paraan ng pakikiisa. Tayo ay nakikipagkasundo hindi lamang sa ating kapwa kundi pati na sa ating Mundo at sa lahat ng nanahan dito. Ito ay tutulong sa atin na mabuhay nang may pag-asa sa ating mga puso.

LAUDATO SI' DAAN NG KRUS

Legend:

- G** – Gabay o Commentator (nangnguna sa mga tao sa lahat ng istayon at nanatiling nakatayo sa lugar kung saan nakatayo ang commentator)
- L** – Lahat (lahat ng tao na kasama sa daan ng krus)
- R** – Reader (tagabasa at nasa may Ambo na bahagi)

G: Tumayo po ang lahat at Sabay-sabay nating dasalin ang PAMBUNGAD NA PANALANGIN

L: Mapaglikha at mapagmahal na Diyos, Makatarungan ka ngunit Mahabagin, nawa'y angkinin namin ang iyong krus. Sa aming pagninilay sa iyong paghihirap, kamatayan at muling pagkabuhay, nawa'y maging katotohanan ang Bagong Sangnilikha sa aming buhay at sa aming mundo.

Tulongan ninyo kaming magbago kaisa ang aming mga kapatid ang aming mundo at lahat ng naririto bilang aming mga kasama.

Isugo ninyo ang iyong espiritu sa gitna naming. Nawa'y ang aming mga mapagkalingang pananalita at pagmamahal ay aming maisabuhay sa aming gawa. Nawa'y ang iyong kaluwalhatian ay mas lumiwanag sa aming mga buhay at sa Kosmos. Amen.

AWIT

*Were you there when they all crucified my Lord?
Were you there when they all crucified my Lord
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when they all crucified my Lord?*

G: ANG UNANG ISTASYON

ANG PAGDURUSA NI HESUS SA HALAMANAN

G: Sinasamba ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesukristo.

L: *Sapagka't sa pamaamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*

G: Umupo po ang lahat.

R (1):

Gaya ng Kanyang kinaugalian, umalis si Hesus at nagtungo sa Bundok ng Olibo; at sumama ang mga alagad. Pagdating doo'y sinabi Niya sa kanila, "Manalangin kayo, nang hindi kayo madaig ng tukso." Lumayo Siya sa kanila saka lumuhod at nanalangin. "Ama," wika Niya, "kung maaari'y ilayo Mo sa akin ang kalis na ito. Gayunma'y hindi ang kalooban Ko ang masusunod, kundi ang kalooban Mo." Tigib ng hapis, Siya'y nanalangin nang lalong taimtim; tumulo sa lupa ang Kanyang pawis na animo'y malalaking patak ng dugo. Tumindig Siya pagkapanalangin at lumapit sa Kanyang mga alagad. Naratnan Niyang natutulog ang mga ito dahil sa tindi ng dalamhati. *(Lucas 22:39-45)*

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO.

L: Panginoong Hesukristo, ikaw ay nalumbay hanggang sa kamatayan dahil sa bigat ng kasaysayan ng iyong mga kapatid, at dahil sa pagbabago ng mundo na naging banyaga na maging sa kanyang sarili at sa kapwa sa isang nagbabagong sistemang panlipunan at ekonomiya.

Hesus, nalulungkot ka kapag inaaksaya at sinasayang namin ang mundong ibinigay sa amin ng iyong Ama, sa aming walang alintanang pagpababaya dahil sa mga paraan ng aming pamumuhay. Nawa'y madama namin ang paghihinaggis ng mga nagdarahop sa aming lipunan, ng mga biktima ng pandaraya at panlilinlang. Nawa'y, maramdaman namin ang panaghoy ng aming bansang Pilipinas. Gawin po ninyong /oras ito ng aming pagbabago.

G: Umupo po ang lahat

AWIT:

Were you there when he prayed all alone?
Were you there when he prayed all alone?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when he prayed all alone?

G: ANG PANGALAWANG ISTASYON

SI JESUS AY IPINAGKANULO AT NAARESTO

G: Sinasamba ka namin at pinasasalamat, Panginoong Hesukristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigang.*

G: Umupo po ang lahat.

R(2):

Si Hudás, na isa sa labingdalawa ay dumating kasama ang mga armadong kalalakihan, lumapit siya kay Jesus at sinabi, “*Rabi*” at siya’y hinagkan. Sinunggaban nila siya, at siya’y kanilang dinakip. Ang sabi ni Hesus “*Kayo baga’y nagsilabas, na parang laban sa isang tulisan, na may mga tabak at mga panghampas upang dakpin ako? Ngunit nangyari ito upang matupad ang mga kasulatan.*”

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

L: Panginoong Hesukristo, nasasaktan ka kapag ang mga Mabubuting tao sa aming kasalukuyang panahon ay napapagkanulo – tulad ng mga nag-aral ngunit di makakita ng trabaho, o mga taong pinagkaitan ng katarungan.

Ipinagkakanulo ka rin namin/ kapag ginagamit namin ang aming pera o karapatang bumoto/ para lamang sa pansariling interes. Bigyan mo po kami /ng lakas ng loob/ na manindigan sa aming

lipunan at huwag ipagbili ang kaluluwa/ para sa tatlumpung
pirasong pilak.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when they seized the man of peace? (2x)
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when they seized the man of peace?*

G. ANG PANGATLONG ESTASYON

HINATULAN SI HESUS

- G:** Sinasamba ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesukristo.
- L:** *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*
- G: Umupo po ang lahat.**

R (3):

Tumindig ang pinakapunong saserdote sa harap ng kapulungan, at tinanong si Hesus: “Ikaw ba ang Mesiyas, ang Anak ng Kataas-taasan?” “Ako nga,” sagot ni Hesus. “At makikita ninyo ang Anak ng Tao, na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan sa lahat. At makikita ninyong Siya’y dumarating, nasa alapaap ng langit.” Winasak ng pinakapunong saserdote ang sariling kasuotan, at sinabi, “Hindi na natin kailangan ang mga saksi! Kayo na ang nakarinig ng Kanyang kalapastanganan sa Diyos! Ano ang pasya ninyo?” Ang hatol nilang lahat ay kamatayan.

Kinaumagahan, nagpulong agad ang mga punong saserdote, ang matatanda ng bayan, ang mga eskriba, at ang iba pang bumubuo ng Sanedrin. Ipinagapos nila si Hesus, at dinala kay Pilato. (Mc 14:60-64, 15:1)

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

L: Panginoong Hesukristo, ang aming mga kasinungalingan at di-makatarungang paghuhusga ay umaalipin sa aming kapwa. Ang aming kasakiman at pagkawaldas ay nagdudulot ng pagkapariwara/ ng aming lupain at karagatan ng higit pa sa kakayahan nitong makapagpanibago.

Isinasakripisyo namin ang sangkatauhan at ang Mundo sa ngalan ng kaunlaran. Gaya ng Sanedrin, ginagamit din namin ang relihiyon bilang sangkalan sa aming mga gawi.

Tulungan po ninyo kami na makagawa ng mga batas na nagbibigay proteksyon sa tao at sa kalikasan, nagbibigay ng pagkakataon upang makamit ang kaganapan ng buhay na iyong plano para sa aming lahat. Buhay, Panginoon, Buhay para sa lahat.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT:

*Were you there when they sent him to death?
Were you there when they sent him to death?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when they sent him to death?*

G: IKA-APAT NA ISTASYON

IPINAGKANULO NI PEDRO SI HESUS

G: Sinasamba ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesukristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*

G: **Umupo po ang lahat.**

R (4):

Isang utusang babae ang nakakita kay Pedro na nakaupo malapit sa apoy. Pinagmasdan niyang mabuti si Pedro. Sinabi niya: Ang isang ito ay kasama niya.

Ipinagkaila ni Pedro si Jesus. Sinabi niya: " Babae, hindi ko siya kilala". Sa paglingon ng Panginoon, tiningnan niya si Pedro at naala-ala ni Pedro ang salita ng Panginoon kung papaanong sinabi sa kaniya: Bago tumilaok ang tandang, tatlong ulit mo akong ikakaila. Sa paglabas ni Pedro, tumangis siya nang buong kapaitan.

G: **Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN
NATIN ANG TAO AT MUNDO**

L: Ginoong noong Hesukristo, gaya ni Pedro, itinatanggi din namin ang kaugnayan sa iyo kapag itinatanggi namin ang aming kaugnayan sa aming kapwa at sa mga iba pang nilalang na kabilang sa iyong Sangnilikha. Pahintulutan mong Makita namin ang mata ni Hesus sa lahat ng bumabaling sa amin – ang mga

migrante, mga walang tahanan, ang mga nalulumbay at mga may kapansanan sa pag-iisip. Nawa'y makita namin na ang kaluwalhatian ng Diyos ay hindi ipinagkakait sa bawa't nilalang na nauubos o nawalan ng buhay dahil sa aming kapabayaan. Nawa'y angkinin ka namin, Panginoon.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when the Rock denied his friend?
Were you there when the Rock denied his friend?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when the Rock denied his friend ?*

G: IKA –LIMANG ISTASYON

Si HESUS SA HARAP NI PILATO

G: Sinasamba ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesukristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigang.*

G: **Umupo po ang lahat.**

R (5):

Kanilang tinalian si Jesus at ibinigay nila kay Pilato. Tinanong siya ni Pilato, "*Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?*" Sumagot si Jesus na nagsasabi, "*Tama ang iyong sinabi*"

Batid ni Pilato na kaya dinala si Jesus ng mga pinunong-saserdote dahil sa inggit at sila ay kaniyang tinanong "Sinabi sa kanila ni Pilato, "Kung gayon, ano ang gagawin ko kay Hesus na tinatawag na Kristo?" Sumagot ang lahat, "Ipako sa krus!" Bakit, anong masama ang ginawa Niya?" tanong ni Pilato. Nguni't lalo pa nilang isinigaw, "Ipako sa krus!!

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

L: Panginoong Hesukristo, kami man ay sumisigaw para sa iyong kamatayan kapag ginagawa naming hari ang pera at ang mga imaheng pinalalaki lamang sa media; kapag pinapayagan namin

ang pagkakalbo ng mga kagubatan o ang pagkasira ng mga corals sa ilalim ng karagatan.

Nawa'y di kami matakot na ipagtanggol ang mga tao na walang boses sa lipunan, o magsalita para sa kapakanan ng mga mahihirap na bansang pinagsasamantalahan ng mga banyagang namamagitan para sa mga negosyante.

Nawa'y di kami matakot na magsalita laban sa pagkasira ng planetang hindi makapagtangol o makapagsalita para sa kanyang sarili. Tulungan mo po kaming sumigaw, ITIGIL ang pagpapako sa Krus!

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when they cried crucify?
Were you there when they cried crucify?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when they cried crucify?*

G: IKA –ANIM NA ISTASYON

**ANG PAGHAMPAS AT PAGPUPUTONG
NG KORONANG TINIK**

G: Sinasamba Ka namin, at pinasasalamatang Panginoong Hesuskristo,

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigang.*

G: Umupo po ang lahat.

R (6):

Binigay ni Pilato si Hesus upang ipako sa Krus Dinala si Jesus ng mga kawal ng gobernador sa hukuman at pinalibutan siya ng buong batalyon ng mga kawal. Hinubaran nila siya at sinuotan ng isang balabal na kulay ube. Nagsalapid sila ng isang koronang tinik at inilagay sa kaniyang ulo. Isang tangkay ng tambo ang inilagay sa kaniyang kanang kamay. Lumuhod sila sa harap ni Jesus at siya ay kinutya. Sinabi nila: Binabati ang Hari ng mga Judio!. Dinuraan nila siya at kinuha ang tambo at ipinalo sa kaniyang ulo.

**G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN
NATIN ANG TAO AT MUNDO**

L: Panginoong Hesuskristo, pinagtatawanan namin ang mga tao at mga kulturang naiiba sa amin – dahil sa kanilang pananamit, kulay na kanilang pinipili o mga batas na kanilang pinapahalagahan. Tinutuya namin ang iyong Sangnilikha habang tinutuyo namin ang mga bukal ng tubig o pinapatag ang mga burol sa pagtatayo ng mga kabahayan. Pigilan po ninyo kami sa

paglalagay ng marka ni Cain sa mga taong hindi namin nauunawaan.

Tulungan mo po kaming iwaksi ang mga gawaing dulot ng maling konsepto ng pag-unlad sa aming mga bukirin at mga baybayin. Panginoon, nawa'y di kami maging mga bulag na tagasunod sa mga nauusong gawi lamang/ kundi maging tagapaghatid nawa kami ng inyong karunungan/ sa pag-uusap, na may paggalang at paghanga. Nawa'y sumaaamin ang Espiritu Santo.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when they crown his head with thorns?
Were you there when they crown his head with thorns?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when they crown his head with thorns?*

G: IKA-PITONG ISTASYON

TINANGGAP NI HESUS ANG KANYANG KRUS, TINULUNGAN SIYA NI SIMON

G: Sinasamba Ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesukristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigang.*

G: **Umupo po ang lahat.**

R (7):

Matapos nila siyang kutyain, hinubad nila ang kulay ubeng damit at isinuot sa kaniya ang kaniyang mga damit. Kanilang inaakay siya papalabas upang ipako sa krus. May isang dumadaan na pinilit nilang magbuhat ng krus ni Jesus. Ito ay si Simon na taga-Cerene na dumating galing sa kaniyang bukid. Siya ang ama ni Alejandro at ni Rufo.

**G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN
NATIN ANG TAO AT MUNDO**

L: Panginoong Hesukristo, sa mga hindi nauusisang mga pagawaan at mga restawrant na lumalabag sa batas; sa mga bukid o mga barko, pinababayaan naming abusuhin ng mga kapitalista ang mga manggagawa mula sa mga mahihirap na bansa. Kagaya ng pagtulong ni Simon ng Cyrene kay Jesus, maging daan sana ang aming paglilingkod na may pagmamahal upang maging makatao ang mga institusyon.

Maging makatarungan sana ang mga batas upang mabali ang diktadurya ng ekonomiya. Hesus, pahintulutan mo kaming makatulong sa pagdala ng iyong krus, tulungan mo kaming makalikha ng mga ibang paraan upang magkaroon ng hanapbuhay na makakapagpatibay ng dignidad ng tao.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when Simon shared his cross?
Were you there when Simon shared his cross?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when Simon shared his cross?*

G: IKA- WALONG ISTAYON

**NASALUBONG NI HESUS ANG MGA
KABABAIHAN NG HERUSALEM**

G: Sinasamba ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesuskristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*

G: Umupo po ang lahat.

R (8):

Sinusundan si Hesus ng maraming tao, kabilang ang mga babaeng nananaghoy at nananambitan dahil sa Kanya. Nilington sila ni Hesus at sinabi sa kanila, "Mga kababaihan ng Herusalem, huwag ninyo akong tangisan. Ang tangisan ninyo'y ang inyong sarili at ang inyong mga anak. Tandaan ninyo; darating ang mga araw na sasabihin nila, 'Mapapalad ang mga baog, ang mga sinapupunang hindi nagdalantao, at ang mga dibdib na hindi nagpasuso.' Sa mga araw na iyo'y sasabihin ng mga tao sa mga bundok, 'Gumuho kayo sa amin!' at sa mga burol, 'Tabunan ninyo kami!'

**G; Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN
NATIN ANG TAO AT MUNDO**

L: Panginoong Hesuskristo, tumatangis at nag-aalala ang mga dalagang-lina, para sa kalusugan at pag-aaral ng kanilang anak.

Nawa'y makahanap kami ng mga paraang makakapag-aruga sa mga susunod na henerasyon; makatulong sa mga tao na magkaroon ng pag-asa na buhayin at magdala ng mga anak sa mundong ito; at hindi magtutulak sa aming mga anak sa pagdurusa o pagdalamhati.

Sinasabi ng mga ecologists na tangisan naming ang mga natitigang na lupa at mga namamatay na species o mga nilalang na igalang at mahalín ang Mundo upang magpatuloy ito sa pagdulot ng ulan sa tamang panahon upang ito'y mamunga. Palakasin mo kami sa pag-asa!

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when the women wept for him?
Were you there when the women wept for him?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when the women wept for him?*

G: IKA- SIYAM NA ISTASYON

SI HESUS AY IPINAKO SA KRUS

- G:** Sinasamba ka namin, at pinasasalamatang Panginoong Hesukristo.
- L:** *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*
- G: Umupo po ang lahat.**

R (9):

Dinala nila si Jesus sa dako ng Golgota na ang kahulugan ay dako ng bungo. Binigyan nila siya ng alak na may halong mira upang kaniyang inumin ngunit hindi niya ito tinanggap. Matapos siyang ipako sa krus, pinaghati-hatian nila ang kaniyang mga damit. Nagpalabunutan sila upang malaman nila kung kanino at ano ang madadala ng bawat isa. Ika-tatlo na ang oras nang siya ay ipako nila sa krus. Ang inskripsyon na nagbigay ng tungkulin laban sa kanya ay nabasa, " Ang hari ng mga Judio"

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

- L:** Panginoong Hesukristo, hinuhubaran ka namin at muling ipinapako sa krus kapag hinuhubaran namin ang aming kapwa ng pagkakataon at dignidad, /o kami ay kumukuha/ ng yaman ng mundo/ sa hindi makatarungang pamamaraan.

Pinagkakaitan namin ang mundo ng lupa na kanyang dugo, o ng kakahuyan at mga hayop na kanyang hininga at palamuti.

Nawa'y matuto kamin kumilos kaisa ng Mundo at hindi laban sa kanya, upang bawat tao ay magkaroon ng sapat para sa kanyang pangangailangan. Nawa'y, di kami maging magnanakaw o maging pulubi.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when they nailed him to the tree?
Were you there when they nailed him to the tree
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when they nailed him to the tree?*

G: IKA- SAMPUNG ISTASYON

**SI HESUS AY NAKABITIN SA PAGITAN
NG DALAWANG KRIMINAL**

G: Sinasamba ka namin, at pinasasalamatang Panginoong Hesuskristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krusay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*

G: Umupo po ang lahat.

R(10) :

Nang dumating sila sa dakong tinatawag na Bungo, doon ay ipinako nila siya sa krus kasama ng dalawang kriminal, ang isa ay sa kanan at ang isa ay sa kaliwa. Nilait siya ng isa sa mga salarin na nakapako sa krus at sinabi: Kung ikaw ang Mesiyas, iligtas mo ang iyong sarili at kami. Ngunit nagsalita ang isa, tunay na ang kaparusahan sa atin ay matuwid sapagkat tinanggap natin ang nararapat na kabayaran ng ating ginawa. Ngunit ang lalaking ito ay walang nagawang anumang pagkakamali. Sinabi niya kay Jesus, *"Panginoon, alalahanin mo ako kapag ikaw ay nasa paghahari mo na. "* Sinabi ni Jesus sa kaniya, *"Katotohanang sinasabi ko sa iyo, sa araw na ito, ikaw ay makakasama ko sa Paraiso"*

**G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN
NATIN ANG TAO AT MUNDO**

L: Panginoong Hesus, ikaw ay aming inaabuso tuwing kami ay naiingit sa iba, sinisisi ang iba sa halip na ang aming sarili, tuwing hindi nagaganap ang aming mga malalaking plano.

Tulongan mo po kaming iwaksi ang paulit-ulit na kasaysayan ng kamangmangan at poot na nagdudulot ng karahasan.

Bigyan po ninyo kami ng bagong pag-asa na ang aming paghihirap ay hahantong sa bagong kalikhaan.

Nawa'y matutunan namin maging mapagpakumbaba sa aming pagunlad sa karunungan ukol sa pag-aalaga sa aming sarili, sa pag-aalaga sa ibang tao at sa pag-aalaga sa buong mundo. Dumating nawa ang iyong kaharian!

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when He hung between two thieves?
Were you there when He hung between two thieves?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when He hung between two thieves?*

G: IKA LABING-ISANG ISTASYON

Si MARIA AT JUAN SA PAANAN NG KRUS

G: Sinasamba ka namin at pinasasalamat, Panginoong Hesuskristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdig.*

G: Umupo po ang lahat.

R (11):

Nakatayo sa tabi ng krus ni Hesus ang Kanyang ina at ang kapatid na babae nitong si Maria, na asawa ni Cleopas. Naroon din si Maria Magdalena. Nang makita ni Hesus ang Kanyang ina, at ang minamahal Niyang alagad na nasa tabi nito, Kanyang sinabi, "Ginang, narito ang iyong anak!" At sinabi sa alagad, "Narito ang iyong ina!" Mula noon, siya'y pinatira ng alagad na ito sa kanyang bahay. (*Jn 19:25-27*)

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

L: Panginoong Hesus, pinaghihiwalay namin ang mga pamilya, itinuturing silang mga hayop at mga instrumento ng produksyon na napipilitang tumungo sa ibang panig ng mundo. Araw-araw ay dinudumihan namin ang hangin at dagat sa polusyon, nilalason namin ang aming nag-iisang tahanan-- ang Mundo.

Bigyan nyo kami ng pusong mahabagin tulad ng isang ina, upang maging mahabagin din sa mga taong aming nakakasalamuha.

Tulongan po ninyo kaming maging tulad ng isang mapag-arugang ina at mahalín ang Mundo para sa kasalukuyan at sa susunod pang mga henerasyon.

Nawa'y, magkaroon kami ng pusong tulad ng mapagmahal na puso ni Maria.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when He gave us his mother?
Were you there when He gave us his mother?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when He gave us his mother?*

G: IKALABING-DALAWANG ISTASYON

SI HESUS AY NAMATAY SA KRUS

G: Sinasamba Ka namin, at pinasasalamatang Panginoong Hesuskristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*

G: **Umupo po ang lahat.**

R (12):

Nang mag-iikalabindalawa ng tanghali, nagdilim sa buong lupain at nawalan ng liwanag ang araw. Sa ikatlo ng hapon sumigaw ng malakas si Hesus " *Eli, eli, lema sabachtani*" na ibig sabihin ay " *Diyos ko, Diyos ko bakit Mo ako pinabayaan?*" Sumigaw nang malakas si Hesus, " *Ama, sa mga kamay Mo'y ipinagtatagubilin Ko ang Aking espiritu!*" At pagkasabi nito, nalagot ang Kanyang hininga.

At masdan, ang tabing ng santuwaryo ay napunit sa dalawa mula sa itaas hanggang sa ibaba. Ang isang kapitan at ang lalaking kasama niya na nag-nagbabantay kay Hesus ay lubhang natakot nang makita nila ang lindol at ang lahat ng nangyayari at sinabi nila " *Tunay, ito ang anak ng Diyos*"

G: **Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO**

L: Panginoong Hesus, tulad ng iyong maagang pagkamatay, maraming maagang kamatayan ang dinaranas sa Pilipinas, tulad

sa mga maralitang namamatay sa karahasan, sa pagdarahop, pati na ang kasaysayan ng mga katutubong inagawan ng kanilang lupain at sa mga karahasang dinanas ng mga pamilya at mga sakuna sa trabaho na hindi nahahadlangan.

Ang pag-abuso sa mga biyaya ng kalikasan ay nagdudulot ng pagkalipol ng maraming uri ng mga hayop.

Gawin natin ang takbo ng pag-unlad, kaalinsabay sa mga natural na galaw o indayog ng kalikasan

Ikaw ang panginoon ng mga buhay at patay. Nawa'y , tayo ay palaging may pagpapahalaga sa buhay ng mga nilalang sa lahat ng paraan.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when He died for the love of us?
Were you there when He died for the love of us?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when He died for the love of us?*

G: IKALABING-TATLO ISTASYON

ANG TAGILIRAN NI JESUS AY TINUSOK

G: Sinasamba ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesuskristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigan.*

G: Umupo po ang lahat.

R (13):

Noon ay araw ng Paghahanda. Ang araw ng Pamamahinga na iyon ay dakila. Ang mga katawan ay hindi dapat manatili sa krus sa araw ng pamamahinga. Kaya nga, ang mga Hudyo ay humiling kay Pilato na kanilang baliin ang mga binti ng mga ipinako sa krus upang sila ay maialis. Dumating nga ang mga kawal at binali ang mga binti ng una. Ganoon din ang ginawa sa isa na kasama niyang ipinako. Ngunit pagpunta nila kay Hesus, nakita nilang siya ay patay na kaya hindi na nila binali ang kaniyang mga binti. Subalit isa sa mga kawal na may sibat ang tumusok sa tagiliran ni Hesus. Ang dugo at tubig ay kaagad lumabas.

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

L: Panginoon Jesus, ang dugo ng mga katutubo at mga bilanggo, mga magsasaka, mga minero, mga nars, at mga sundalo at pati mga inosenteng tao ay dumanak sa ating lupa.

Ang dugo ng lupain ng Pilipinas ay naging kabayaran, kapalit ng maliit na porsyento ng mayayaman sa Pilipinas.

Nawa'y, ang tubig ng Bautismo ay dumaloy mula sa iyong tagiliran/ at hugasan ang aming mga kasalanan. Sa inyong pangalan, nawa'y ang kapangyarihan ng iyong dugo ay gawin kaming tunay na tagapagtangol ng lahat ng buhay sa mundo tulad ng isang damit na walang pinagtahian.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when His side flowed blood and water?
Were you there when His side flowed blood and water ?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when His side flowed blood and water?*

G: IKA-LABING APAT NA ISTASYON

SI HESUS AY INILIBING

- G:** Sinasamba Ka namin, at pinasasalamatang Panginoong Hesuskristo.
- L:** *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigang.*

G: Umupo po ang lahat.

R(14) :

Bago magtakipsilim, dumating ang isang mayamang taga-Arimatea, na ang ngala'y Jose. Siya'y alagad din ni Hesus. Lumapit siya kay Pilato at hiningi ang bangkay ni Hesus. Iniutos naman ni Pilato na ibigay ito sa kanya. Kaya't kinuha ni Jose ang bangkay at binalot ng bagong kayong lino. Inilagay niya ito sa sariling libingan na di pa nalalaunang ipinauka niya sa bato. Pagkatapos, iginulong niya sa pintuan nito ang isang malaking bato, saka umalis. *(Mt 27:57-60)*

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

- L:** Panginoong Hesus, nawa'y maging inspirasyon ang 'pasyon' sa aming mga pambansang liderato at mga liderato ng aming komunidad; ng mga guro at mga propesyonal na mga manggagawang pangkalusugan; ng mga magsasaka at ng mga manggagawa sa pabrika; ng mga kabataan at mga nakatatanda; ng mga kababaihan at kalalakihan, na namatay

sa ngalan ng pag-ibig para sa kanilang mga kapatid at para sa pag-big ng lupang ito.

Pinananatili nilang buhay ang pag-asa. Huwag nating ilibing ang ating mga kakayahan dahil sa takot o ilibing ang ating bansa/ sa walang humpay na kritisismo.

Ibigay mo sa amin, Panginoon, ang inyong Espiritu.

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when they laid Him to the tomb?
Were you there when they laid Him to the tomb?
Oh, sometimes it causes me to tremble, tremble, tremble.
Were you there when they laid Him to the tomb?*

G: IKA-LABING LIMANG ISTASYON

ANG MULING PAGKABUHAY NI HESUS

G: Sinasamba Ka namin at pinasasalamatan, Panginoong Hesukristo.

L: *Sapagka't sa pamamagitan ng Iyong Mahal na Krus ay iniligtas Mo ang sandaigdigang.*

G: Umupo po ang lahat.

R(15) :

Makaraan ang Araw ng Pamamahinga, pagbubukang-liwayway ng unang araw ng sanlinggo, pumunta sa libingan ni Hesus si Maria Magdalena at ang isa pang Maria. Biglang lumindol nang malakas. Bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon. Iginulong ang batong nakatakip sa libingan, at naupo sa ibabaw niyon. Ang kanyang mukha ay nakasisilaw na parang kidlat at kasimputi ng busilak ang kanyang damit. Nanginig sa takot ang mga bantay at nabulagtang animo'y patay nang makita ang anghel.

Nguni't sinabi nito sa mga babae, "Huwag kayong matakot; alam kong hinahanap ninyo si Hesus na ipinako sa krus. Wala na Siya rito, sapagagka't Siya'y muling nabuhay tulad ng kanyang sinabi. Halikayo, tingnan ninyo ang pinaglagyan sa Kanya." Magmadali kayong pumunta at sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad (Mt 28:1-6)

G: Tumayo po tayong lahat at sabay-sabay na IPANALANGIN NATIN ANG TAO AT MUNDO

L: Panginoong Hesukristo, lahat ng lahi at ang Mundo ay nananaghoy upang makalaya. Naniniwala kami na ikaw ang Unang Anak ng Bagong Sangnilikha. Ngayon, sa pamamagitan ng panalangin ng Daan ng Krus, binibigyan mo kami ng pagkakataong makapamilya – buhay o kamatayan.

Naniniwala kami na habang ang Sangnilikha ay kumikilos tungo sa kanyang kaganapan, ikaw ay lalo pang nagpapakita sa amin at lubhang nagpapamalas ang iyong kaluwalhatian. Ang iyong kapangyarihan ay nakikita sa amin – sa aming mga salita at gawa bilang iyong kapwa manlilikha habang ang lipunan at mundo ay lumalago. Sa aming sarili at kasama ang aming kapwa, mabuhay nawa kami sa katarungan at pagkamahabagin, sa pagkamangha at sa pag-asa. Purihin ka ng bawat bansa!

G: Umupo po ang lahat.

AWIT

*Were you there when He rose up from the dead?
Were you there when He rose up from the dead?
Oh, sometimes it causes me to sing Glory! Glory! Glory!
Were you there when He rose up from the dead ?*

**G: Tumayo po tayong lahat sabay sabay nating dasalin ang
PANGHULING PANALANGIN**

L: O Panginoong Hesus, tinahak namin nang buong pagsisisi ang Daan ng Krus. Nababatid namin ang bigat ng kasalanan ng tao sa tindi at hapdi ng iyong mga hiras at kamatayan

Sa binyag at kumpil, binabahaginan Mo kami ng iyong pagkapari. Sa iyong sakit at kamatayan ay nauunawaan namin ang halaga ng mga krus sa buhay, upang palakasin ang aming loob sa harap ng mga tukso at maging marapat kami sa iyong pag-ibig. Igawad sa aming lahat ang iyong bendisyon at biyaya upang maghari sa aming puso, mag-anak, lipunan at bayan /ang iyong kapayapaan at kalooban. **Amen.**

AWIT:

Refrain:

*We carry the saving cross through
The roads of the world.
Through the alleys of poverty and misery.
Marching to a dawning day to freedom and victory,
To God's life and endless glory.*

Christ, bread of life, the self-giving Lord of all
He leads the way of the cross.

*We carry the saving cross through
The roads of the world.
Through the alleys of poverty and misery.
Marching to a dawning day to freedom and victory,
To God's life and endless glory.*

Christ, sent by God, obedient to the father's will
He leads the way of the cross

*We carry the saving cross through
The roads of the world.
Through the alleys of poverty and misery.
Marching to a dawning day to freedom and victory,
To God's life and endless glory.*

**G: Tawagin po natin si FR_____para sa HULING
PAGBABASBAS.**

Diyos na Manglilikha, tulungan mo kami na maging kagaya ni Santo Fransico, na may pagmamahal na mangalaga at magbantay sa integridad ng lahat ng nilikha, ng sa gayon lahat ng nilalang at elemento ay makapagbibigay ng papuri sa iyo, mula sa simula at katupusan ng lahat ng bagay

Ito ay aming hinihiling sa pamamagitan ni Hesus na aming Panginoon. Amen

Pagpalain tayo ng Diyos, Ama, Anak at ng Espiritu na bumaba sa atin at palaging nananatili sa loob natin. Humayo tayong payapa sa pag-ibig at paglingkuran ang Panginoon sa lahat ng nilalang.

L. Salamat sa Diyos.